




ASSOCIATION OF FILIPINO  
STUDENTS IN HUNGARY

Overseas Filipino Workers


# OFW Survival Kit in Hungary



---

# OFW Survival Kit in Hungary

---



**Camille Jetzselle M. Fresto**

**Andrew C. Lacsina**

**Veronica Paula C. Manzon**

**Roja L. Medianista**

**Anisa Trisha O. Pabingwit**

**Neil Cezar L. Sapungan**

**Joseph M. Yap**



© Association of Filipino Students in Hungary (AFSHu)  
2024



Attribution-NonCommercial (CC BY-NC) 4.0 International

Anyone using the work must attribute the work to the original creator. The license further stipulates that the material cannot be commercialized.

Those who intend to utilize the kit may coordinate with AFSHu through:  
filipinostudents.hungary@gmail.com

**Editors:** Camille Jetzselle M. Fresto, Andrew C. Lacsina, Veronica Paula C. Manzon, Roja L. Medianista, Anisa Trisha O. Pabingwit, Neil Cezar L. Sapungan, Joseph M. Yap

**Layout Artist:** Roja L. Medianista

#### **Chapter Contributors:**

##### Unang Kabanata

Juan Carlos Bernardo  
Marvin Serge Fuentes  
Dan Magana  
Joseph Yap

##### Ikalawang Kabanata

Alexis Achacoso  
Jonathan Jay Arreola  
Jehan Nayga

##### Ikatlong Kabanata

Camille Jetzselle Fresto  
Ace Pagkaliwangan  
Roselle Torres

**Print ISBN 978-615-02-0923-4**

**eBook (PDF) ISBN 978-615-02-0925-8**

**DOI: [https://doi.org/10.21862/afs\\_202401](https://doi.org/10.21862/afs_202401)**



# Mga nilalaman

Foreword	6
Preface	7
Patungkol sa OFW Survival Kit: Ano nga ba ang importansya ng dokumentong ito?	8
Migrant workers from the Philippines	9
<b>1 Unang Kabanata: Pre-Departure Information</b>	<b>10</b>
Mga ahensiya ng pamahalaan	11
Mag-evaluate ng lehitimong impormasyon	12
Ang kahalagahan ng kontrata	13
Pakikipag-ugnayan sa immigration officers sa Pilipinas at Hungary	14
Pocket money	15
Alamin ang iyong place of deployment	16
Klima sa Hungary	17
<b>2 Ikalawang Kabanata: Arrival in Hungary</b>	<b>18</b>
Ang embahada ng Pilipinas sa Hungary	19
Mga importanteng selebrasyon sa Hungary	20
Mga angkop na pag-uugali sa Hungary	20
Mga bagay na dapat iwasang gawin sa Hungary	21
Mga pagbati (greetings)	22
Pamublikong transportasyon sa Hungary	23
Tamang pag-uugali kapag gumagamit ng pamublikong transportasyon	25
Mga religious places	26
Mga Pinoy restaurants at shops	28
Pagpapalit ng pera at ATM withdrawals	29
Mga grocery stores	30
Mga thrift shops (ukay-ukay)	30
Pagpapadala ng balikbayan box	30
Filipino workers' organizations in Hungary	30



# Mga nilalaman

<b>3</b>	<b>Ikatlong Kabanata: Working in Hungary</b>	<b>32</b>
	Szép Card	33
	TAJ Card (Pampublikong Seguridad sa Kalusugan)	35
	(EHIC) European Health Insurance Card	36
	Police clearance o “Erkölcsi Bizonyítvány” request sa Hungary	36
	Taxes o buwis	36
	Minimum wage sa Hungary	37
	Iba pang uri ng taxes	38
	Patunay ng pagbabayad ng sweldo at buwis	39
	Anong bago para sa mga Migrant Workers: Act XC of 2023 on the General Rules for the and Right of Residence of Third- Country nationals (TCNs)	40
	Mga uri ng residence permits (guest workers at highly qualified workers)	41
	Paghahanap ng part-time job	43
	Pagiwas sa pangaabuso sa trabaho	44
	Mga institusyong malalapitan sa Hungary	45
	Paglalakbay sa loob ng EU at Schengen area	46
	Proseso ng nawala, nanakaw, o nasirang residence permit	47
	Mental health management	48
	Paano makaiwas sa scam	50
	Index	51
	AFSHu	52
	AFSHu Board	54
	AFSHu Board of Directors	55
	References	56
	Editors	57
	Contributors	59
	Acknowledgement	61



# Foreword

The Philippine Embassy in Budapest would like to extend its heartfelt congratulations to the Association of Filipino Students in Hungary (AFSHu) for their commendable initiative in creating this handbook entitled, "OFW Survival Kit in Hungary." This invaluable resource material is designed to provide our kababayans with accurate and current information essential for their deployment and successful integration into Hungarian society. These complements briefings being conducted by the Philippine government, the recruitment agencies, and the employers in Hungary.

The "OFW Survival Kit in Hungary" covers key information on pre-departure preparations, outlining everything our kababayans need to know before setting foot in Hungary. It provides cultural and social orientation on what to do upon arrival, ensuring a smooth transition into their new environment. Furthermore, the handbook delves into the intricacies of essential documents and regulations that must be adhered to while working in Hungary.

More importantly, the handbook offers valuable insights into the various support mechanisms available in Hungary, both from government and non-government organizations. This includes information on where to seek assistance in times of need, how to access community support networks, and guidance on navigating the local healthcare and social services systems.

Amin pong nirerekomenda na basahin ng mga gusto magtrabaho o kasalukuyang nandito na sa Hungary ang "OFW Survival Kit in Hungary".

This handbook is an indispensable tool that will empower our kababayans with the knowledge and resources necessary for a successful and fulfilling experience in Hungary.

The Philippine Embassy will also distribute copies of this handbook to the Department of Foreign Affairs and Department of Migrant Workers Affairs. We believe that this will serve as an extremely useful reference material for these institutions, in their ongoing efforts to support our OFWs.

Once again, congratulations to the Association of Filipino Students in Hungary for this noble and impactful endeavour. Your hard work and dedication in producing this handbook are greatly appreciated.

Mabuhay ang mga iskolar na Pilipino!

Mabuhay ang mga Manggagawang Pilipino!

FRANK R. CIMA FRANCA  
Ambassador



# Preface

Sa ngalan ng bumubuo ng Board of Directors ng Association of Filipino Students in Hungary (AFSHu), inihahandog namin ang OFW Survival Kit na ito sa ating mga kababayan na buong tapang na hinarap ang hamon na makipagsapalaran sa dayuhang bayan.

Ang survival kit na ito ay pinagtulungang buuin ng mga Pilipinong iskolar sa Hungary. Sila ay nakipag-ugnayan sa mga Filipino community na kasalukuyang nasa bansa at sa embahada ng Pilipinas sa Hungary para makakuha ng first-hand na impormasyon at madokumento ang mga suliranin na dapat bigyang pansin.

Nagkaroon ng konsultasyon sa International Office for Migration na naka-base sa Budapest upang magkaroon ng karagdagang kaalaman na maaaring makatulong sa ating mga kababayan.

Hangad ng AFSHu na ang dokumentong ito ay magsilbing pangunahing gabay para sa kanilang paglalakbay sa Hungary bago pa man sila magtungo rito. Inaasahan namin na magiging kapaki-pakinabang ang survival kit para sa mga nagtatrabaho at magtatrabaho pa sa Hungary. Layunin ng survival kit na maging maayos ang karanasan ng bawat OFW mula Pilipinas hanggang sa paglalakbay at pananatili sa Hungary.

Mabuhay ang bawat Pilipino at maligayang pagdating sa Hungary.

Editors  
Budapest



# Patungkol sa OFW Survival Kit: Ano nga ba ang importansya ng dokumentong ito?

---

Marahil marami sa ating mga kababayan ang nagtatanong kung ano nga ba ang silbi ng OFW Survival Kit na ito. Marahil tinatanong mo ang sarili mo:

*Para saan ba ito?*

*Ano ba ang silbi ng dokumentong ito para sa aking paglalakbay?*

*Ano ang mga dapat tandaan sa pagtatrabaho at paninirahan sa ibang bansa?*

Ilan lamang ito sa mga katanungan na marahil iyong tinatanong sa iyong sarili. Para bigyang linaw ang kahalagahan ng survival kit na ito, umiikot ang survival kit sa tatlong aspeto habang nasa ibang bansa; (1) Pagbibigay edukasyong pangkultura; (2) Pagsasagot sa mga katanungan at (3) Pagbibigay kaalaman sa ilang institusyon at organisasyon na iyong kinabibilangan at malalapitan.

## **Unang Hakbang: Edukasyong pangkultura**

Layunin ng survival kit na ito na bigyang impormasyon ang ating mga kababayang OFWs na nais magtrabaho at kasalukuyang nagtatrabaho sa Hungary. Pagbibigay edukasyon sa pagkakaiba ng kultura na dapat laging tandaan ng ating mga kababayan sa kanilang pananalagi at pagtatrabaho sa bansang Hungary.

## **Pangalawang Hakbang: Mga katanungan**

Layunin ng survival kit na ito na sagutin ang mga katanungan ng ating mga kababayang may planong magtrabaho at kasalukuyang nagtatrabaho sa Hungary. Magbibigay linaw ito sa mga katanungan sa iyong pamamalagi at pagtatrabaho sa Hungary.

## **Ikatlong Hakbang: Mga institusyon at organisasyon**

Layunin ng survival kit na ito na magbigay impormasyon sa mga institusyon at organisasyon na dapat tandaan sa iyong pagtatrabaho at paninirahan sa Hungary. Magbigay kaalaman sa mga ilang institusyon at organisasyong malalapitan sa iyong pagtatrabaho sa ibang bansa.

# Migrant workers from the Philippines

The Philippines is one of the leading countries in the world which exports migrant labor. One of the reasons traced way back to the 1970s when the Philippine government viewed labor migration as a strategy to reduce unemployment and generate remittances for the benefit of the country and its citizens (Boquet, 2017).

Hungary stands out since it only catered to Filipino migrant workers just right after the peak of the pandemic. Additionally, unlike in other Western states, the number of Filipino workers has surged in recent years (Magliveras & Al Qurtuby, 2023).

---



# Unang Kabanata: Pre-Departure Information

Layunin ng kabanatang ito na magbigay ng impormasyon bago ka pa man makarating ng Hungary. Ang mga tatalakayin ay maaaring hindi na bago sa mga dati nang nag-o-OFW, ngunit hangad ng survival kit na bigyang diin ang mga ito para pwede mong balikan sa kahit na anong panahon na iyong kailangan. Ang social, kultural, at pulitikal na klima ng Hungary ay maaaring bago sa iyong pandinig at naiiba sa mga kalapit bansa sa Europa. Laging sumangguni sa mga batas na may kinalaman sa iyong trabaho abroad.

---



# Mga ahensya ng pamahalaan

## Department of Migrant Workers (DMW)

Ang bagong ahensya na ito ay itinatag noong 2022 sa pamamagitan ng Republic Act No. 11641.

“POEA is now under the DMW. It is not correct to say that the POEA is the new DMW, the POEA is just one of those entities, and institutions that are under the DMW. Meanwhile, the Overseas Workers Welfare Administration or OWWA is an attached agency of the DMW” (PIA, 2023). Ang Department of Migrant Workers na ang pangunahing ahensya ng pamahalaan na maaari mong tanungin tungkol sa paghahanap ng trabaho sa ibang bansa.

Ang DMW, sa pamamagitan ng kanilang Migrant Workers Offices abroad, ang pangunahing ahensya ng gobyerno na naatasan ukol sa mga policies at regulations ng OFWs.

Sa kasalukuyan, ang mga OFWs na nasa jurisdiction ng Philippine Embassy in Hungary ay kabilang sa hawak ng Migrant Workers Office sa Milan, Italy. Sinisikap ng gobyerno na magbukas ng MWO dito sa Budapest possible ngayong taon o sa susunod na taon.

OWWA Milan email: [milan@owwa.gov.ph](mailto:milan@owwa.gov.ph)

OWWA Milan contacts: +390266805954 or +393756762592

MWO Milan email: [mwo\\_milan@dmw.gov.ph](mailto:mwo_milan@dmw.gov.ph) [polomilan1@gmail.com](mailto:polomilan1@gmail.com)

MWO Milan contacts: +39 02 668.4647 or +39 375 657 2333

Para sa karagdagang impormasyon magtungo sa DMW website: <https://dmw.gov.ph/>

FAQs patungkol sa:

1. pagkuha ng Balik-Manggagawa Overseas Employment Certificate (OEC) at
2. Direct Hire: <https://dmw.gov.ph/faqs>

## Mga dapat tandaan

1. Bawat OFW ay dumadaan sa mandatory na **Pre-Departure Orientation Seminar (PDOS)**, siguraduhing huwag mo itong palalampasin.
2. Kung dati ka nang OFW, alamin kung may karagdagang impormasyon ka pang kailangang malaman. Laging tandaan na ikaw ay pupunta sa ibang bansa na may ibang kultura at batas na ipinatutupad.
3. Bawat OFW ay nangangailangan ng Overseas Employment Certificate (OEC) sa pag-alis ng Pilipinas. Ito ay nagsisilbing exit clearance ng mga OFWs. Siguraduhing may hawak na valid na OEC bago pumunta ng airport.

# Mag-evaluate ng Lehitimong impormasyon

## 1. Ugaliing mag-search ng lehitimo at tamang impormasyon

Kapag hindi ka sigurado sa mga impormasyon, sumangguni sa mga may karanasan, sa mga eksperto o sa awtoridad. Mag-evaluate ng impormasyon bago maniwala. Iwasang gamitin ang emosyon na magdudulot ng padalos-dalos na desisyon. Ang bugso ng damdamin ay hindi makakatulong para sa iyong informed decision.

## 2. Maghanap ng mapagkakatiwalaang impormasyon

Nakasanayan na natin na magtanong sa ating mga kakilala. Isang magandang halimbawa ang matutunang maghanap ng tama at mapagkakatiwalaang impormasyon online. Maaaring isipin na madali at nakukuha ang lahat ng impormasyon online, subalit hindi lahat ng ito ay may kredibilidad. Sumangguni sa kakilala na may first-hand experience at i-evaluate ang mga ito ayon sa mga nakalap na impormasyon.

## 3. Magtungo sa mga opisyal na website

Magtungo sa mga opisyal na websites o social media accounts ng ahensya ng pamahalaan o ng pribadong sektor. Ano man ang hinahanap, huwag magpapadalos-dalos ng bugso ng damdamin, subukang balansehin ang mga nakalap na impormasyon bago magdesisyon o magpakalat ng balita sa mga kababayan. Ito ay isang magandang katangian na humuhubog sa isang responsableng mamamayan.

Ahensya ng pamahalaan	Website	Pagsusuri
DMW	<a href="https://dmw.gov.ph/">https://dmw.gov.ph/</a>	Ang website ay nagtatapos sa gov.ph. Masasabing lehitimo.
OWWA	<a href="https://owwa.gov.ph/">https://owwa.gov.ph/</a>	Ang website ay nagtatapos sa gov.ph. Masasabing lehitimo.
Embassy of the Philippines - Hungary	<a href="https://budapestpe.dfa.gov.ph/">https://budapestpe.dfa.gov.ph/</a>	Ang website ay nagtatapos sa gov.ph. Masasabing lehitimo.

# Ang kahalagahan ng kontrata

Ang kontrata ay isa sa mga mahalagang dokumento ng iyong pananatili sa ibang bansa para makapagtrabaho ng legal. Bukod pa sa iyong pasaporte at residence card.

Basahing mabuti ang nilalaman nito at sigudaruhing tama ang mga personal na detalye. Siguraduhing may English translation ang iyong kontrata.

- Hungarian residence address
- lugar ng deployment (siyudad kung saan nakarehistro ang trabaho)
- amount ng sweldo or kabuuang sweldo (kasama ang holiday pays kung mayroon man)
- araw ng pag-release ng sweldo
- mga karagdagang benepisyo gaya ng private health insurance
- paid vacation leaves
- at iba pang mahalagang detalye

Siguraduhing tugma ang residence address na isusulat sa bawat aplikasyon sa bangko, internet application, at nauugnay na mga opisina para sa **NAV** at **TAJ** cards.

Tanungin ang employer sa mga bagay na malabo sa iyo. Huwag mahiyang magtanong.

Huwag pumirma kung hindi pa sigurado. Kumonsulta kung may kakilala, subalit huwag ipangalandakan ang nilalaman ng kontrata lalo na sa social media.

Humingi ng sariling kopya ng kontrata o anumang dokumento na sa palagay mo ay dapat may hawak ka.

Ang kontrata ay isang kumpidensyal na dokumento, tanungin ang human resources (HR) ng iyong employer para mabigyang linaw ang mga agam-agam.



# **Pakikipag-ugnayan sa immigration officers sa Pilipinas at Hungary**

Habang nakapila ay siguraduhin maayos na ang iyong mga dokumento gaya ng:

- Overseas Employment Certificate (OEC)
- Kontrata
- Pasaporte
- Boarding pass
- Visa na nasa passport

Huwag kabahan, maging alerto at maging confident. Aralin ang job responsibilities, job description, impormasyon tungkol sa employer at iba pang detalye.

## **Pocket Money**

### **1. Accommodation**

Marami sa mga guest workers ay kasama na ang tutuluyan sa Hungary. Kung nais mong humiwalay sa offer ng kumpanya, ang gastos ng renta ay nag-iiba depende sa lokasyon ng tirahan (apartment, shared flat, atbp.) Sa Budapest, halimbawa, ang mga renta ay maaring umabot mula €400 hanggang €800 bawat buwan para sa isang one-bedroom apartment. Kailangan mong magbayad ng deposito na katumbas ng dalawang buwan na renta at advance payment na isang buwan. Kung lilipat ay mag-aapply ka ulit na bagong address card (QR code).

### **2. Utilities at common cost**

Inaasahan na magbayad ng karagdagang gastos para sa mga kagamitan tulad ng common cost (building maintenance fee) kuryente, water at heating. Ang internet (home wifi) ay nagkakahalaga ng €20 - €30. Ang mga ito ay maaring umabot sa halos €100 - €200 bawat buwan, depende sa paggamit at laki ng iyong tirahan.

### **3. Food**

Maglaan ng €200- €300 para sa isang tao sa isang buwang groceries. May nag-iisang Pinoy grocery sa Budapest (Pinoy Basket), ngunit maraming ibang Asian grocery stores kung saan mayroong mabibiling mga sangkap at kagamitan na malapit sa ating mga nakasanayan.

#### 4. Transportation

Ang pampublikong transportasyon sa Hungary, partikular na sa Budapest, ay mahusay. Ang mga buwanang pass ay para sa pampublikong transportasyon sa Budapest ay nagkakahalaga na humigit- kumulang €25 para sa monthly pass.

#### 5. Health Insurance

Ang private health insurance ay mandatory sa Hungary. Depende sa iyong pinirmahang kontrata, may mga kompanya na nagdadagdag ng private health insurance bilang benepisyo sa empleyado. Bilang guest worker ang iyong employer ay obligadong i-enrol ka sa public social security o TAJ card. Kung wala ka pang insurance kinakailangan mong bumili ng private health insurance, na maaring nagkakahalaga ng halos €150-€300 bawat buwan.

#### 6. Miscellaneous expenses

Kasama dito ang gastos para sa damit, personal care, libangan, at iba pang iba't ibang mga item. Ang pagbabadyet ng halos €100-€200 bawat buwan para sa mga gastos na ito ay magiging maingat.



## **Alamin ang iyong place of deployment**

Napakahalaga na maging pamilyar sa lugar na iyong tutuluyan habang nasa Hungary. Ang pag-alam sa mga detalye ng iyong tirahan, tulad ng lokasyon, amenities, at lokal na kapaligiran, ay maaaring lubos na mapahusay ang iyong pangkalahatang karanasan. Ang pag-unawa sa mga detalye at ang mga kalapit na atraksyon ng iyong lugar ay nagsisiguro ng komportable at maginhawang pananatili.

Bukod pa rito, ang pagiging maalam tungkol sa kapitbahayan ay makakatulong sa iyong pag-navigate sa lugar nang mas may kumpiyansa, maghanap ng mga kalapit na amenities (i.e., ospital, himpilan ng pulis, etc.), at tumuklas ng mga mapaglilibangan (i.e., mga pamilihan, pampublikong parke, sports areas, etc.). Ang paglalaan ng oras upang magsaliksik at kilalanin ang sa iyong tinutuluyan sa Hungary ay maaaring mag-ambag sa isang mas maayos at mas kasiya-siyang karanasan sa paglalakbay. Ito ay ipapaliwanag nang mas detalyado sa ikalawang kabanata.

Inirerekomenda ang app na **BudapestGO** at i-access ang [budapestinfo.hu](http://budapestinfo.hu). Kung plano mong bumisita sa ibang mga lungsod sa pamamagitan ng tren, gamitin ang **MAV App**. Ang mga mapa ng Google Maps ay kadalasang ginagamit din kapag naglalakad o naglalakbay sa Hungary. Ito ay updated at maaari mo ring tingnan kung aling tram/metro ang gagamitin. Kung hindi mo gustong gumamit ng tram/metro at sa halip ay gumamit ng bike, mayroon ding app para sa tinatawag na: **Bubi** (bike) at **Lime** (Scooter) / (Tier). Hinahayaan ka ng app na magrenta ng bisikleta o scooter para sa isang tiyak na tagal ng oras at maaari ka lamang gumala sa paligid ng lungsod!

Budapest information and map: [Budapest Info](#)

Downloadable map: [Budapest Info - Budapest Info](#)

# Klima sa Hungary



## Alamin ang klima sa Hungary

(winter, spring, summer, fall)

- winter (December, January, February),  $-3$  to  $-7$  °C
- spring (March, April, May), 4 to 22 °C
- summer (June, July, August) 23 to 28 °C up to 35°C at its peak
- autumn (September, October, November), 6 to 24 °C

## Mga dapat suotin

- winter (winter clothes e.g. winter jacket, gloves, ear muff, scarves, thermal clothes)
- gumamit ng lotion, lip balm and moisturizer tuwing winter
- Cheap buys (Pepco, KIK, Hada)
- summer (komportableng suotin)
- gumamit ng sunblock

## Paggamit ng Google Maps

- Ang Google maps ay napaka-accurate sa Hungary, pati na rin sa Europe. (<https://www.youtube.com/watch?v=beeNMoXuxPg>)
- MÁV (for train), Volan bus (regional buses), FlixBus (for travel), Bolt Taxi (Grab version of Hungary , if applicable to your county)

## Gagana ba ang Philippine sim card?

Oo, gaya ng Globe mayroon itong roaming signal na kayang tumanggap ng OTP-sms para sa Gcash. Just load at least PhP10 monthly sa iyong numero para laging aktibo ang iyong sim.



# **Ikalawang Kabanata: Arrival in Hungary**

Layunin ng kabanatang ito ang magbigay ng maagap na impormasyon pagdating sa bansang Hungary. Napapaloob dito ang mga mahahalagang lugar tulad ng simbahan, mga ahensya, pamilihan, Filipino restaurants at iba pa. Tinatalakay dito ang mga pagbati (common greetings), mga dapat tandaan, dapat iwasan, at mga paalala upang makibagay sa mga local. Higit sa lahat, napapaloob din dito ang mga samahan ng mga Pilipino at iba't ibang ahensya.

---




# Ang embahada ng Pilipinas sa Hungary

Sa panahon na kakailanganin ang legal na tulong ng embahada, mabuting tandaan ang contact details ng Embahada ng Pilipinas sa Hungary:

- Email: [budapest.pe@dfa.gov.ph](mailto:budapest.pe@dfa.gov.ph)
- Address: 1026 Budapest, Gabor Aron Utca 58 Hungary.
- Telepono: (+36-1) 391-4300
- Website: [www.budapestpe.dfa.gov.ph](http://www.budapestpe.dfa.gov.ph)
- Duty Officer's Mobile Number: (+36) 30 202-1760 (For emergency only, after office hours, weekends, holidays)

Tandaan: Ang embahada ay bukas sa mga ganitong oras lamang.  
**(Lunes-Biyernes 8:00 am – 4:00 pm)**



Lugar kung saan matatagpuan ang embahada ng Pilipinas sa Hungary at mga pangpublikong sasakyan na maaring gamitin  
(QGIS generated, retrieved May, 2024)

## Mga importanteng selebrasyon sa Hungary


- **1st January** – New Year’s Day
- **15th March** – Anniversary of the Hungarian Revolution’s outbreak of 1848
- **Easter** – Usually in March or April from Good Friday through Easter Monday
- **Pentecost Monday** – 50 days after Easter, usually in May or June
- **1st May** – Labour Day
- **20th August** – Saint Stephen’s Day (founder of the Hungarian state)
- **23rd October** – National Day in memory of the 1956 revolution
- **1st November** – All Saints’ Day
- **25-26th December** – 1st and 2nd day of Christmas

## Mga Angkop na Pag-uugali sa Hungary

Narito ang ilang halimbawa ng mga dapat gawin ng mga Pilipino sa Hungary at kung paano ito nagkakaiba sa mga nakagawian sa Pilipinas:

1. Pagbibigay ng Tamang Distansya: Sa Hungary, mahalaga ang pagbibigay ng espasyo o distansya / personal space sa pakikipag-usap sa mga Hungarian. Ang pagiging magalang at hindi paggamit ng malakas na boses sa mga pampublikong lugar ay kasama rin sa mga pinahahalagahan ng mga Hungarians. Kung kaya’t maging mahinahon at magalang.
2. Paano nais tawagin: Sa pakikisalamuha sa mga Hungarian, alamin kung paano sila nais tawagin. Halimbawa, apelyido o pangalan.
3. Pagsunod sa mga patakaran sa Lipunan: Mahalaga na sundin ng mga Pilipino ang mga patakaran at regulasyon sa Hungary, tulad ng pagsunod sa batas trapiko at pagsunod sa mga alituntunin sa mga pampublikong lugar.

! “Ang pagiging maalam at pakikisalamuha sa kanilang mga karanasan at pananaw ay mahalaga upang mapanatili ang positibong ugnayan sa mga lokal na tao at magpakita ng respeto bilang mga dayuhang bisita.”





## Mga bagay na dapat iwasang gawin sa Hungary

Narito ang ilang mga dapat iwasan ng mga Pinoy workers:

1. Maingay na pakikipag-usap: Habang maaring normal ang malakas na pag-uusap sa Pilipinas, ito ay maaaring ituring na kakulangan ng disiplina sa Hungary. Iwasan ang maingay na pag-uusap sa pampublikong lugar o sa pampublikong transportasyon upang hindi makaistorbo sa ibang tao.
2. Pagtapon ng basura: Magtapon ng basura sa tamang lalagyan. Mahalaga ang pagsunod sa waste disposal policies ng Hungary.
3. Public nuisance: Iwasan ang sobrang maingay na pagdiriwang lalo na sa mga residential areas, tulad ng pag-karaoke o pagpapatugtog ng malakas. **Pwede itong gawing dahilan ng mga lokal para tumawag ng pulisya at magreklamo laban sa iyo.**

Importanteng alamin ng sino mang mangagagawa ang mga regulasyon sa kanilang mga akomodasyon, katulad ng mga curfew times, limitasyon sa mga bisita, at mga araw o oras kung kailan kailangang sumunod sa mga noise regulations. Mabuting ipagpaalam ang mga gagawing pagdiriwang sa inyong mga akomodasyon sa inyong employers at landlord para maiwasan ang mga hindi magandang pangyayari.

Marami ring pampublikong lugar sa Hungary kung saan pwedeng magdiwang ng mga salu-salo o social gatherings, ngunit importanteng sundin din ang tamang pag-asal at paggawa ng ingay sa ano mang okasyon. Mayroong mga lugar sa Budapest tulad ng Normafa Park, Római Part, Dürer Kert, Gerilla Grill, Hármashatár Hill, at Róka Hill, kung saan maaaring mag-ihaw (barbecue) sa inyong salu-salo, ngunit importanteng alamin nang maaga ang mga regulasyon at kailangang dalhin bago magtungo sa mga lugar na iyon.

4. Hindi pagsunod sa patakaran: Mahalaga ang pagsunod sa mga lokal na patakaran at regulasyon, mula sa batas trapiko hanggang sa patakaran sa trabaho. Kasama rin dito ang mga regulasyon ukol sa salu-salo o social gatherings sa mga pampublikong lugar tulad ng mga city parks o tabi ng Danube River. **Importanteng malaman na ipinagbabawal ang pag-inom ng anumang klaseng alcoholic drinks sa mga pampublikong lugar, ilegal na pagbebenta, at paghuli o pagkain sa mga hayop sa mga parke tulad ng mga itik, kalapati o isda.**

## Mga pagbati (common greetings)

Tandaan: may dalawang uri ng pakikipag-usap sa Hungarian, pormal at di-pormal, na mahigpit nilang sinusunod. Maaari ka lang makipag-usap sa di-pormal na paraan kung pinayagan ka ng iyong kausap na Hungarian na gawin ito.

Ang mga Pilipinong nagtatrabaho sa Hungary ay dapat matuto ng ilang mga pangunahing pagbati sa Hungarian upang ipakita ang paggalang sa lokal na kultura. Ang pinakakaraniwang pagbati sa Hungarian:

1. "Jó reggelt kívánok!" - Magandang umaga! Pagbigkas: /yow reg-gelt kee-vaa-nok/
2. "Jó napot kívánok!" - Magandang araw! Pagbigkas: /yow napot kee-vaa-nok/
3. "Jó estét kívánok!" - Magandang gabi! Pagbigkas: /yow esh-teyt kee-vaa-nok/
4. "Szia!" - Hi!/Bye! (di-pormal) Pagbigkas: /see-ya/

Paalala: Huwag gamitin ang "szia" sa mga boss o nakakatanda, maliban kung ikaw ay pinayagan nila.

5. "Viszontlátásra!" - Good bye! or 'Til we see each other again! (pormal) Pagbigkas: /vi - sont - la- tash - ra/
6. "Köszönöm!" - Salamat! Paalala: Ang katinig na /ö/ ay walang katumbas sa Filipino, sa English, and pinakamalapit na tunog ay ang /u/ sa katagang "purr"
7. "Szívesen!" - Walang anuman! My pleasure! Pagbigkas: /see-ve-shen/
8. "Bocsánat" - Sorry. Pagbigkas: /bo-chaa-not/

Dapat tandaan na may pagkakaiba sa pag-uugali ng mga Hungarians kumpara sa mga Pilipino, lalo na sa mga hindi mo kakilala at hindi mo alam kung palakaibigan ang iyong makakasalimuha. Ngunit base sa karanasan ng marami, higit na linatutuwa ng mga Hungarians na sumusubok na magsalita ng kanilang wika.



# Pamublikong transportasyon sa Hungary

Pagdating sa Hungary, may dalawang uri ng transportation lines na pwedeng gamitin para makarating sa siyudad.


Numero ng bus mula sa Liszt Ferenc (Budapest Airport)	Halaga	Karagdagang impormasyon
100E	2200 Forints	Diretso sa city center
200E	350 Forints	Kailangang mag-transfer sa last stop at sumakay ng M3 patungo sa direksyon ng Kalvin Ter or Deak Ferenc Ter

Kung ikaw ay may Budapest monthly pass/ Pest pass/ Hungary pass, maaari mo itong gamitin sa ano mang public transportation system maliban sa 100E. Ugaliing dala ang iyong residence cards kung sakaling hanapin ng inspektor.

Kapag nananatili sa Budapest, ang kabisera ng Hungary, mahalaga na bumili ng "Budapest pass," na maaaring mabili sa mga vending machine/kiosk, o gamit ang "Mobiljegy" app.

Uri ng pass	Halaga
Single journey	450 Forints
Monthly Budapest pass	9500 Forints
Time-based tickets (30 minutes)	530 Forints
Time-based tickets (90 minutes)	750 Forints

Para sa mga single journey tickets, mahalaga na i-validate ang ticket bago sumakay. Ang validation ng ticket ay maaaring gawin sa mga metro station at sa loob ng mga tram. Kung may monthly Budapest pass ka, maaari mong ipakita ito ng direkta sa mga regulating officer sa loob ng metro at tram. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Budapest pass, bisitahin ang website na ito: <https://bkk.hu/en/>



Kapag nananatili sa iba pang bahagi ng Hungary, tulad sa panig ng Pest, mahalaga na magkaroon ng Hungary pass o ng ticket para sa mga lokal na tren ng MÁV at HÉV. Ang HÉV ay tumutukoy sa suburban railway (Helyiérdekű Vasút), na nagpapatakbo ng mga berdeng kulay na lokal na tren sa Hungary. Ang HÉV ay may limang operating suburban rail lines sa paligid ng Budapest.

- H5: Batthyány tér [BUDAPEST]–Szentendre
- H6: Közvágóhíd [BUDAPEST]–Ráckeve
- H7: Boráros tér [BUDAPEST]–Csepel
- H8: Örs vezér tere [BUDAPEST]–Gödöllő
- H9: Örs vezér tere [BUDAPEST]–Csömör

Kapag bibili ng mga tiket ng MÁV at e-HÉV-tickets, o mga tiket ng bus, bisitahin ang site na ito: <https://jegy.mav.hu/> o gamitin ang MÁV App, na maaaring i-download sa iyong mobile phone.

Sa Hungary, maaari kang bumili ng Hungary pass at County pass upang magamit sa mga tren at inter-urban buses. Mayroong 19 counties sa Hungary. Ang 19 uri ng County passes (zone passes) ay maaaring gamitin lamang sa loob ng saklaw ng county. Ang Hungary pass (na nagkakahalaga ng katumbas ng dalawang county passes) ay maaaring gamitin sa buong bansa sa mga inter-urban buses at 2nd class trains. Maaaring bumili ng mga pass mula sa anumang petsa ng simula at may bisa ito sa loob ng 30 araw.

Sa panahon ng pagkakasulat, ang Pest County at ang Country pass ay maaaring gamitin sa lahat ng nasasakupan ng Budapest, maliban sa mga heritage lines.



### Tip:

Hindi kailangang dalhin ang pasaporte araw-araw sapagkat maaari itong mahulog o mawala. Dalhin lamang ito kung ikaw ay lalabas ng Hungary o kung kinakailangan. Halimbawa sa pag-aaply ng bank account o anumang personal na transaksyon sa embahada. Magtago ng kopya (printed at digital) ng mahahalagang dokumento katulad ng pasaporte, residence card at employment contract. Pwede kang mag-send ng sariling kopya sa iyong email address. Tandaan ang pangalan at contact information ng employer at mga ahensiya sa Pilipinas at sa Hungary.




Halimbawa ng Monthly-  
Budapest Pass - Regular  
Adult

# Tamang pag-uugali kapag gumagamit ng pampublikong transportasyon

Narito ang ilang mga halimbawa ng mga ugali na dapat ipakita ng mga Pilipino sa pampublikong transportasyon sa Hungary:

1. Pagbibigay-pansin sa pila: Sa mga istasyon o pinto ng tren o bus, mahalaga ang pagrespeto sa pila. Sa Pilipinas, maaaring normal na may mga taong sumingit o nagmamadali, ngunit sa Hungary, mas binibigyang halaga ang paghihintay ng maayos sa pila.
2. Pagbibigay ng upuan sa mga matatanda, buntis, bata at PWD: Kahit hindi ito eksklusibong kultura sa Hungary, ito ay ginagalang at itinuturing na mabuting asal.
3. Malumanay na pag-uusap: Sa mga pampublikong transportasyon sa Hungary, ang mahinahon na pag-uusap ay karaniwan. Kung may kailangan sabihin, mas mainam na magsalita nang mahinahon at hindi maingay.



Ipakita ang iyong validated ticket sa mga regulating officer sa loob ng metro at tram.

## **Mga simbahan na may English mass**

### **Para sa mga Katoliko:**

Ang **St. Stephen's Basilica**, na matatagpuan sa *Szent István tér 1, 1051 Budapest*, ay nag-o-offer ng English mass tuwing Linggo sa ganap na 4:00 pm. Habang sa mga araw ng Lunes, Miyerkules, at Biyernes, ang English mass ay ginaganap sa Mary's Chapel sa ganap na 6:00 pm. Pagkatapos ng Banal na Misa kada araw ng Linggo, ang pagpapatawad o sakramento ng reconciliation ay available sa unang booth na malapit sa pinto ng pasukan.

Isa pang simbahan na may English mass ay ang **Inner-City Parish Church Budapest**, *1056 Budapest, Március 15. tér 2*. Ang misa ay tuwing Linggo sa ganap na 6:00 pm.

### **Para sa mga kapatid na Iglesia:**

Matatagpuan ang **Church of Christ- Local of Budapest** sa *Edömer u. 4, 1113 Budapest*.

Overseer Harold De Torres

email: harold.detorres@icloud.com

phone: 0036-30-735-6218

Resident Minister: Glen Louie Barcebal

email: glbarcebal@gmail.com

### **Para sa mga kapatid sa Jesus is Lord:**

Matatagpuan ang simbahan sa *Budapest, Molnár u. 5, 1056, Erdélyi Magyarok Egyesülete*.

Contact Person: Sister Nelsa Montoya

Phone number: +36202782317

Para sa ibang mga denominasyon, mayroong mga simbahan sa iyong lokalidad at maaari ka ring magtanong sa Embahada ng Pilipinas.





Direksyon kung saan matatagpuan ang St. Stephen's Basilica at mga pangpublikong sasakyan na maaring gamitin (QGIS generated, retrieved May, 2024)



## Mga Pinoy restaurants at shops

Mayroong dalawang restaurant sa Hungary na nagse-serve ng Pinoy foods:

- **Barako Kávéház & Bisztró (non-operational since 2024)**

Address: Budapest, Liliom u. 46, 1094

Phone: 06 70 251 2330

- **Campus Bistro-Gödöllő**

Address: Gödöllő, Péter Károly u. 1, 2100

Phone: 06 20 938 6935

Ang mga essential Pinoy products katulad ng toyo, suka, at bagoong ay karaniwang binebenta sa mga general asian stores na malapit sa inyo, pero mayroon ding mga shop na nag fo-focus sa mga Pinoy Products:

- **Pinoy Basket**

Address: Budapest, Teréz krt. 58, 1066

- **Pabili.hu (Online shop)**

Website: <https://pabili.hu>

- **VH Asian Mart**

Website: <https://vhasianmart.com/>

May malaking populasyon din ng mga Chinese at Vietnamese sa bansang Hungary at marami sa kanila ay nagmamay-ari ng mga Asian groceries at discount stores sa iba't ibang siyudad, hindi lamang sa Budapest. May malaking pamilihan din ng Asian products sa Budapest, katulad ng Duna Panda at Asia Center kung saan may mabibili ring mga damit at ibang kagamitan.

## Pagpapalit ng pera at ATM withdrawals

Ang lokal na currency ng Hungary ay forint. Karaniwang hindi ito available sa mga money changers sa labas ng EU, mas mainam magpapalit ng USD/EUR. Dahil dito, ito ang mga dapat tandaan sa pagpapalit ng pera:

1. Hangga't maaari, huwag mag withdraw o magpapalit ng pera sa airport. Kadalasan ay malaki ang tubo/patong ng mga ATM at money changers doon dahil sa "ease of access" at demand dito.
2. Kapag nagpapapalit ng pera, ugaliin na mag research muna at basahin ang mga review sa Google ukol sa serbisyo at exchange rate ng bangko o money changer na iyong pupuntahan.
3. Gumamit ng mga opisyal na ATMs ng mga bangko: OTP, Erste, CIB, K&H MagNet, Raiffeisen, MKB, Takarekbank, at Budapest Bank. Iwasan ang ATM na gaya ng Euronet sapagkat mahal ang transaction fee.

Bago magpalit ng pera sa Budapest o sa ibang lugar, tiyakin na i-compare ang mga rate ng pagbili at pagbebenta na inaalok sa iba't ibang money changers at ang mid-market rate. Lagi mong bilangin ang iyong pera bago umalis upang maiwasan ang anumang pagkakaiba-iba.

Tandaan, karapatan mong malaman, kaya huwag itong balewalain.

Kung dadalhin ang ATM card mula sa Pilipinas, hangga't maaari tumawag muna sa branch office na gagamitin ang ATM abroad para hindi ma-block. Kapag nag withdraw sa Hungary gamit ang Philippine ATM bank card, ito ay may karampatang extra charges.



Halimbawa ng Euro ATM machine

## Mga grocery stores

Medyo naiiba ang pamamaraan ng pagbili ng grocery sa Hungary at sa pangkalahatang EU. Kung sa Pilipinas ay sanay tayo na may mga “bagger” sa bawat cashier lane, sa Hungary ikaw mismo ang maglalagay ng iyong grocery sa bag matapos itong i-scan ng cashier. Tandaan may bayad ang plastik bag.

Maaring magbayad sa grocery stores gamit ang cash or card.



Ilan sa mga grocery stores sa Hungary

## Thrift shops (ukay-ukay)

Tayong mga Pilipino ay mahilig sa ukay-ukay. Malaking tulong ito lalo na sa taglamig, na kung saan mahal ang mga brand new na jacket, coat, atbp. Maraming mga shops sa Hungary na nagbebenta ng ukay na pwedeng bilhin by piece or by weight. Ilan sa mga sikat na ukay-ukay shops ay Humana Vintage Shops, Háda, at Cream.

## Pagpapadala ng Balikbayan box

Ang pagpapadala sa Pilipinas ay umaabot ng 2-3 buwan. Alamin ang mga pwedeng ipadala na hindi masisira. Dapat ding alamin ang mga batas at polisiya na dapat sundin para sa bilang at dami ng mga pwedeng ipadala gamit ang balikbayan box. Tandaan na may mga kaakibat na multa para sa mga lalabag sa mga regulations na ito.

Mayroong dalawang cargo forwarder services na nag-ooperate dito sa Hungary:

- **Ben's Cargo Forwarder**

Contact Person: Liza Barchet

+4991192323138

+36 309868965

[info@bensbalikbayan.de](mailto:info@bensbalikbayan.de)

- **Infinity Balikbayan Cargo**

Contact Person: Marivic Dayumat

Phone: +3602013339

# **Filipino Workers Organizations in Hungary**

Bilang mga workers sa Hungary, mayroon ding mga organisasyon na handang tumulong. Mainam na sumali sa mga organization na ito dahil sila ay nag-oorganize ng mga activities para sa overall wellness ng kanilang mga miyembro.

Depende sa inyong preference, maaari kayong sumali sa mga organisasyon na ito base sa kanilang mission, vision, and goals at kung ano ang mas na-aangkop para sa inyo.

Mayroong dalawang official Filipino committee sa Hungary:

- **Bayanihan Filipino Association in Hungary**

Contact Person: Liza Barchet

Link: <https://www.facebook.com/groups/326341449417976>

- **Mabuhay Filipino Community in Hungary**

Contact Person: Aishi Fekete

Link: <https://www.facebook.com/groups/455515742719275>

# **ikatlóng Kabanata: Working in Hungary**

Layunin ng kabanatang ito ang magbigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa mga importanteng dokumento na dapat isaalang-alang habang nagtatrabaho sa Hungary. Napapaloob dito ang mga pangkalahatang impormasyon at mga lehitimong website na maaring siyasatin sa oras ng pangangailan.

.....



## Szép Card

- Paglalarawan: Non-salary compensation provided by the employer. (Depende sa employer).
- Layunin: Ginagamit para sa mga gastusin tulad ng pagkain at pampalibang na mga aktibidad tulad ng pagbisita sa mga museo o pagdalo sa mga teatro.
- Paalala: Laging **MAGTANONG** sa mga restawran, tindahan, establisyemento, at serbisyo kung tumatanggap sila ng Szép Card.

## TAJ Card (Publikong Seguridad sa Kalusugan)

### Access sa Social Security

Bago umalis ng Pilipinas, siguraduhing makakuha ng reseta (prescription) o medical certificate mula sa iyong doktor na pwede mong ipakita sa GP sa Hungary. Magdala rin ng pasobrang gamot kung mayroon kang maintenance medicine. Ang mga pharmacy ay maaring hindi kilalanin ang reseta.

**Ang employer ay dapat magparehistro sa empleyado sa National Health Insurance Fund (NEAK) sa iyong pag dating.**

Ang employer ang nagbabayad ng kontribusyon sa Social Security para sa empleyado na ibinabawas mula sa gross na sahod ng empleyado.

- TAJ (Társadalombiztosítási Azonosító Jel)
- Ang TAJ card ay valid sa buong panahon na valid ang residence permit.
- Ang TAJ card ay hindi kinakailangan para sa pag-access sa mga serbisyong pangkalusugan, ngunit ang TAJ number ay kinakailangan.

### Mga Benepisyo:


- Pangalan sa Doktor: Maaari kang magparehistro sa isang doktor para sa regular na pangangalaga sa kalusugan.
- Diskwento sa Reseta: Maaari kang makakuha ng diskwento sa ilang reseta ng gamot. Mangyaring magtanong muna.

## Paano hanapin ang iyong doktor (General Practitioner “GP”) – ibang lungsod

1. Tanungin ang ahensya/employer: Magtanong sa iyong ahensya o employer para sa impormasyon.
2. Tanungin ang mga kapitbahay: Konsultahin ang iyong mga kapitbahay o mga residente ng distrito kung saan ka nakatira.
3. Mga dapat dalhin: Dalhin ang iyong address card (QR code), TAJ card, passport, at permit sa pamamalagi (Residence Permit).

## Paano hanapin ang iyong doktor (General Practitioner “GP”) - Budapest

1. Hanapin ang GP sa iyong distrito: Alamin kung sino ang doktor sa iyong distrito.
2. Mga dapat dalhin: Dalhin ang iyong address card (QR code), TAJ card, passport, at permit sa pamamalagi (Residence Permit).
3. Online na mapagkukunan: Gamitin ang website na ito upang hanapin ang iyong doktor sa Budapest: <https://www.imt.bme.hu/medical-help/taj-navigation/gp/>



**Choose your district!**

1	2	3	4	5	6	7	8	9	10	11	12	13	14
15	16	17	18	19	20	21	22	23	24				

**GP:**

By selecting your street name at the link below, you can find out who your GP is and their details (address, opening hours and contact information). Make sure to only contact and visit them during opening hours!

[https://marosrendelo.hu/hu/felnott-haziorvosok?language\\_content\\_entity=hu](https://marosrendelo.hu/hu/felnott-haziorvosok?language_content_entity=hu)

**Specialists:**

You can select the specialist care you are looking for at the link below. Always book an appointment in advance by phone, email, or in person during opening hours!

[https://marosrendelo.hu/hu/szakellatas?language\\_content\\_entity=hu](https://marosrendelo.hu/hu/szakellatas?language_content_entity=hu)

**Dentist:**

By selecting the street name at the link below, you can find out who your dentist is and their details (address, opening hours and contact information). Make sure to only contact and visit them during opening hours!

[https://marosrendelo.hu/hu/felnott-fogorvosok?language\\_content\\_entity=hu](https://marosrendelo.hu/hu/felnott-fogorvosok?language_content_entity=hu)

**Doctors on duty:**

When your GP is not available, but you need to see a doctor (e.g. on weekends) this is the place to visit. Keep in mind, that they are not your assigned GP, so they may not be able to help you in all cases.

Location: 1122 Budapest, Városmajor u. 33.

<http://oou.hu/lakossagnak/ugyeletek>

**How do I know which district I live in?**

Check your 4-digit postcode: the two middle integers indicate your district. For example, Corvin dorm's postcode is 1082, which means it is located in district 08.

Ito ang halimbawa ng maaring makita sa website.

# EHIC (European Health Insurance Card)

- Ang mga empleyado at mga miyembro ng mga pamilya ng EEA (o may EEA Residence Card o Hungarian address card) ay maaaring mag-aplay para sa European Health Insurance Card (EHIC).
